COUNTY NG SAN DIEGO

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-9 ng Marso, 2026

## Nangangailangan ng mga Manggagawa sa Botohan (Poll Workers) para sa Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon sa Ika-2 ng Hunyo

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ngayon ng mga manggagawa sa botohan (poll worker) para sa Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon sa Ika-2 ng Hunyo. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga manggagawa sa botohan (poll worker) sa mga eleksyon at maaari silang makatanggap ng arawang stipend habang naglilingkod sa kanilang komunidad.

Kasalukuyang may pangangailangan para sa mga bilingguwal na maggagawa sa botohan (poll worker) na makakatulong sa mga botante sa 15 wika na kinakailangan ayon sa pederal, estado, at batas ng county.

Kailangan ng pederal na batas na magbigay ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga bilingguwal na tagapagsalita at mga materyales sa pagboto para sa mga botanteng nagsasalita ng:

- Spanish
- Filipino
- Vietnamese
- Chinese

Kailangan din ng mga patakaran ng estado at county ang mga bilingguwal na tagapagsalita sa piling mga vote center sa:

- Arabic
- Hindi
- Hmong
- Indonesian
- Japanese
- Khmer
- Korean
- Laotian
- Persian
- Somali
- Thai

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-9 ng Marso, 2026

Ang mga eleksyon sa County ng San Diego ay isinasagawa sa ilalim ng Batas ng Pagpili ng mga Botante (Voter's Choice Act), isang batas ng estado na pumapalit sa mga tradisyunal na mga lugar ng botohan (polling places) ng mga vote center na magbubukas sa mas mahabang panahon bago ang Araw ng Eleksyon.

Sa halip na maglingkod lamang sa mismong Araw ng Eleksyon, kailangan na ngayon ang mga manggagawa sa botohan (poll worker) upang magtrabaho sa mga vote center sa loob ng apat (4) o labing-isang (11) araw sa loob ng dalawang linggo bago ang Araw ng Eleksyon.

**Maaaring kumita ang mga manggagawa sa botohan (poll worker) ng:**

- Isang stipend na $145 bawat araw mula Ika-23 ng Mayo hanggang Ika-1 ng Hunyo
- $240 sa Araw ng Eleksyon, Ika-2 ng Hunyo, dahil sa mas pinahaba na oras
- Ang mga bilingguwal na manggagawa sa botohan (poll worker) ay maaaring makatanggap ng karagdagang $5 bawat araw at karagdagang $10 sa Araw ng Eleksyon

**Mga kinakailangan upang maging manggagawa sa botohan (poll worker):**

- Maging isang mamamayan ng U.S. at rehistradong botante sa California o legal na tinanggap na permanenteng residente sa United States
- May maaasahang transportasyon papunta at pauwi sa inyong itinalagang vote center araw-araw
- Kumpletuhin ang dalawang araw na in-person training (may bayad na $95 na stipend bawat araw)
- Available na magtrabaho nang apat (4) o labing-isang (11) araw, kabilang ang karagdagang oras sa Araw ng Eleksyon

**Kasama sa mga responsibilidad ang:**

- Pagbubukas at pagsasara ng vote center
- Pagtulong sa mga botante at pagbibigay ng mahusay na customer service
- Pagsagot sa mga tanong
- Pagsumite ng mga kinakailangang dokumento para sa stipend

Naghahanap ang Tagapagrehistro ng mga indibidwal na mahusay makipagtulungan na may matibay na kakayahan sa pamumuno at customer service, at may kakayahang maging flexible, matiyaga, at may integridad. Dapat magrepresenta ang mga manggagawa sa botohan (poll worker) sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal at walang-partidong paraan.

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-9 ng Marso, 2026

Available ang mga aplikasyon sa sdvote.com. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 858-565-5800 o mag-email sa pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTYNEWSCENTER